Equal Access and Opportunities for Students and Educators

Equity & Civil Rights

PROMOTING EDUCATIONAL EXCELLENCE FOR ALL

Pag-unawa kung paano magreklamo ng hindi makatarungang diskriminasyon sa distrito ng iyong paaralan

Ang Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction o OSPI) ay ang ahensyang may pananagutan sa pagbabantay sa pampublikong edukasyon ng K-12 sa estado ng Washington. Sa OSPI, nagbibigay ang Tanggapan sa Pagkakapantay-pantay at Mga Karapatang Sibil (Equity and Civil Rights Office) ng tulong na teknikal sa mga distrito ng paaralan, mga magulang at mag-aaral na may mga isyung kaugnay ng mga batas laban sa diskriminasyon ng estado at pederal.

Ano ang "diskriminasyon?"

Ang diskriminasyon ay ang hindi patas na pagtrato sa isang tao o pangkat dahil bahagi sila ng isang tinutukoy na pangkat, na kilala bilang protektadong uri. Maaaring maganap ang diskriminasyon kapag ang isang tao ay tinatrato nang iba, o tinatanggihan ng access sa mga programa, serbisyo o aktibidad dahil bahagi sila ng isang protektadong uri. Maaari ring maganap ang diskriminasyon kapag ang isang paaralan o distrito ng paaralan ay nabigong tanggapin ang kapansanan ng isang mag-aaral o empleyado.

Ang panggigipit (batay sa protektadong uri) at sekswal na panggigipit ay maaaring maging mga anyo ng diskriminasyon kapag lumilikha ito ng magulong kapaligiran.

Ano ang isang Protektadong Uri?

Ang isang protektadong uri ay isang pangkat ng mga taong may karaniwang katangian at protektado laban sa diskriminasyon at panggigipit ng mga batas na pederal at ng estado. Ang mga protektadong uri na tinutukoy ng Batas ng Estado ng Washington ay kinabibilangan ng:

- Kasarian
- Lahi/Kulay
- Pananampalataya/Relihiyon
- Bansang pinagmulan
- Kapansanan o oang paggamit ng gabay na sinanay na aso o hayop na nagseserbisyo
- Sekswal na oryentasyon, kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan
- Katayuan para sa mga beterano o militar na marangal na inalis sa katungkulan

Ano ang dapat kong gawin kung naniniwala akong sumasailalim sa diskriminasyon ang aking anak?

Dapat mong i-ulat kaagad ang iyong mga alalahanin sa guro o punong-guro ng iyong anak! Bibigyang-daan nitong tumugon ang paaralan sa sitwasyon sa lalong madaling panahon.

Kung hindi ka makapunta sa guro o punong-guro, anumang oras ay maaari kang makipag-ugnay sa pangunahing tanggapan ng distrito ng iyong paaralan. Ang bawat distrito ng paaralan ay may taong may pananagutan sa pagtugon sa mga reklamo tungkol sa diskriminasyon.

Kung minsan ang taong ito ay tinatawag na Title IX Coordinator o para sa mga isyung kaugnay ng kapansanan, ang Section 504 Coordinator.

Kapag hindi maresolba ng pagpupulong ang isang problema, may karapatan kang maghain ng reklamo sa Distrito ng Paaralan.

Mayroon ka ring karapatang makipag-ugnay sa mga sumusunod na ahensya anumang oras upang humiling ng pagsisiyasat sa iyong alegasyon ng diskriminasyon:

Office for Civil Rights, U.S. Department of Education
915 Second Avenue, Room 3310
Seattle, WA 98174-1099
(206) 607-1600 / TDD: (877) 521-2172
www2.ed.gov/about/offices/list/ocr

Washington State Human Rights Commission
P.O. Box 42490
Olympia, WA 98504-2490
(360) 753-6770 / Toll Free: (800) 233-3247 / TTY: (800) 300-7525
www.hum.wa.gov

Paano kung hindi ko maresobla ang problema sa tulong ng Paaralan?

Kung hindi mo maresolba ang iyong alalahanin maaari kang maghain ng reklamo sa Distrito ng Paaralan.

Maaaring maghain ng reklamo sa Distrito ng Paaralan ang kahit sino

Maaari kang mahain ng pormal na reklamo sa pamamagitan ng pagsusulat ng liham sa iyong Superintendent na ***naglalarawan sa naganap at kung bakit sa tingin mong ito ay diskriminasyon.*** Makakatulong na isama ang nais mong gawin ng distrito. Dapat na may lagda ang iyong liham.

Ano ang gagawin ng Distrito?

Ang empleyadong itinalaga ng distrito na tumanggap ng mga reklamo ay masisiyasat sa iyong mga alegasyon at magbibigay sa Superintendent ng nakasulat na ulat ng reklamo, at ng mga resulta ng pagsisiyasat. Maaari ring sumang-ayon kayo ng iyong distrito na resolbahin ang iyong reklamo bago ang pagsisiyasat.

Ano ang gagawin ng Superintendent ng Distrito?

Papadalhan ka ng Superintendent ng nakasulat na liham sa loob ng **30 araw sa kalendaryo** na maaaring tumanggi sa iyong mga alegasyon o ilarawan ang mga makatwirang pagkilos na maaaring isagawa ng distrito. Ang liham ay kabibilangan ng kung paano maghain ng apela sa iyong School Board kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Superintendent.

Ang mga pagwawasto ay dapat maganap nang hindi hihigit sa **30 araw sa kalendaryo** ng liham ng Superintendent.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa pasya ng Superintendent o walang sumagot sa aking liham?

Ang iyong susunod na hakbang ay ang mag-apela sa School Board.

Ano ang isang apela?

Ang apela ay isang kahilingang baguhin ang isang opisyal na pasya.

Paano ako maghahain ng apela sa School Board?

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng pagliham sa iyong School Board. Ang liham ay dapat kapalooban ng bahagi ng nakasulat na pasya ng Superintendent na nais mong umapela at ang nais mong gawin ng distrito.

Ang iyong liham ay dapat na maihain sa Sekretarya ng iyong School Board sa **ika-10 araw sa kalendaryo** matapos mong matanggap ang liham na tugon ng Superintendent.

Ano ang gagawin ng Superintendent ng School Board?

Mag-iiskedyul ang School Board ng pagdinig sa loob ng **20 araw sa kalendaryo** matapos nilang matanggap ang iyong liham ng apela. Maaari rin kayong sumang-ayon sa ibang petsa.

Ano ang mangyayari sa Pagdinig?

Ipapaliwanag mo kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Superintendent. Maaari kang magdala ng mga saksi o iba pang impormasyong kaugnay ng iyong apela.

Papadalhan ka ng board ng kopya ng kanilang pasya sa loob ng **10 araw sa kalendaryo** matapos ang pagdinig. Ang pasya ay kapapalooban ng paraan sa pag-apela sa Tanggapan ng Superintendent ng Publikong Pagtuturo kung hindi ka sumasang-ayon.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa pasya ng School Board?

Maaari kang umapela sa pasya ng School Board sa Tanggapan ng Superintendent ng Publikong Pagtuturo (OSPI).

Paano ako maghahain ng apela sa OSPI?

Maaari kang mag-apela sa pamamagitan ng pagliham sa Tanggapan ng Superintendent ng Publikong Pagtuturo. Ang liham ay dapat kapalooban ng bahagi ng nakasulat na pasya ng School Board na nais mong i-apela at ang nais mong gawin ng distrito.

Ang iyong nilagdaang liham ay dapat matanggap ng OSPI sa **ika-20 araw sa kalendaryo** pagkatanggap ng pasya ng school board. Maaari itong ihatid o ipadala sa:

OSPI
Administrative Resource Services
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200
Phone (360) 725-6133

Ano ang gagawin ng OSPI?

Mag-iiskedyul ang OSPI ng pagdinig sa isang Administrative Law Judge sa pamamagitan ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings o OAH). Sa panahon ng prosesong ito bibigyan ka ng impormasyon tungkol sa pagdinig.

Sa pagdinig ipapaliwanag mo kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng School Board. Maaari kang magdala ng mga saksi o iba pang impormasyong kaugnay ng iyong apela. Matapos ang pagdinig, makakatanggap ka ng kopya ng pasya ng hukom.

Equity and Civil Rights
Office of Superintendent of Public Instruction
P.O. Box 47200; Olympia, WA 98504-7200
(360) 725-6162 Fax: (360) 664-2967
TTY: (360) 664-3631
E-mail: equity@k12.wa.us
April 20, 2011 TAGALOG

Matuto nang higit pa sa: www.k12.wa.us/Equity

Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng mga programa at serbisyo nang walang diskriminasyn batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang beterano o militar na marangal na inalis sa katungkulan, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanang sensory, pangkaisipan o pisikal, o ang paggamit ng sinanay na gabay na aso o hayop na nagseserbisyo ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo ng pinaghihinalaang diskriminasyon ay madidirekta sa Equity and Civil Rights Director, (360) 725-6162 o P.O. Box 47200; Olympia, WA 98504.